

# Alta California Regional Center



*Pag-unawa sa Conservatorship*  
*Mapagkukunan para sa Mga Pamilya*  
*Abril 2008*

***Gustong pasalamatan ng Alta California Regional Center ang kagandahang-loob ng Harbor Regional Center para sa pagbabahagi ng mga materyales kung saan hinango ang handout na ito***

Kapag nasa edad na 18 na ang iyong anak, ituturing siya bilang nasa hustong gulang sa ilalim ng batas at magkakaroon ng karapatan na gawin ang lahat ng desisyon tungkol sa kanyang buhay na magagawa ng sinumang ibang nasa hustong gulang na walang kapansanan. Maaaring kabilang dito, halimbawa, ang mga desisyon tungkol sa pangangalagang medikal, desisyon na pumasok sa isang kontrata para bumili ng mga kalakal o serbisyo, o pati rin ang desisyon na magpakasal at magkaroon ng pamilya. Hindi itinatangi ng batas ang isang tao – nililimitahan ang kanyang mga karapatan – dahil lang mayroon siyang kapansanan sa paglaki. Dahil sa kapansanan ng iyong anak, gayunpaman, maaaring mag-alala ka tungkol sa kanyang kakayahang gumawa ng ilang desisyon na pinapayagan ng batas kapag naabot na ng bata ang edad na labing-walo at maging isang nasa hustong gulang.

Kung mayroon kang seryoso at matagal nang alalahanin tungkol sa kakayahan ng iyong anak na gumawa ng mga desisyon para sa kanyang sarili, mayroong legal na paraan para limitahan ang mga desisyon na pinapayagan siyang gawin nang mag-isa. Ito ay tinatawag na *conservatorship*. Ang booklet na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga uri ng mga conservatorship na magagamit ng mga residente ng California. Inilalarawan nito ang mga paraan kung saan nililimitahan ng mga conservatorship ang kakayahan ng isang taong may kapansanan na gumawa ng sariling mga desisyon tungkol sa kanyang buhay. Nagmumungkahi rin ang booklet na ito ng mga alternatibo sa conservatorship para sa mga pamilyang gustong protektahan ang kanilang anak na lalaki o anak na babae na may kapansanan habang hinihikayat ang hindi niya pag-asa at paggawa ng sariling desisyon.

### ***Ano ang conservatorship?***

Ang conservatorship ay isang legal na proseso na nagbibigay ng kakayahan sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa isa pang tao na hindi makagawa ng mga desisyon para sa kanyang sarili. Ang taong kumukuha ng karapatang gumawa ng mga desisyon ay ang *conservator* at ang taong inaalisan ng mga karapatan ay *conservatee* o sinasabing *conserved*. Ito ay isang legal na proseso kung saan gumagawa ng desisyon ang isang hukom kung kailangan bigyan ng conservatorship ang tao.

Kinikilala ng batas ng California ang tatlong uri ng conservatorship, pero dalawa lang sa mga ito ang may kaugnayan sa talakayan na ito: *Pangkalahatang Conservatorship* at *Limitadong Conservatorship*. Ang pangatlong uri, ang Lanterman-Petris-Short (LPS) na Conservatorship ay naaangkop lang sa isang tao na may malubhang sakit sa isip.

Maaaring maangkop ang Pangkalahatang Conservatorship sa sinumang may kapansanan habang partikular na ginawa ang Limited Conservatorship para matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa paglaki. Tignan nating mabuti ang dalawang uri na ito.

**Pangkalahatang Conservatorship.** Ang Pangkalahatang Conservatorship ay maaaring maangkop sa sinumang may kapansanan na humahadlang sa paggawa ng desisyon. Halimbawa, maaaring sumailalim sa isang pangkalahatang conservatorship ang isang matandang tao na may dementia. Sa ilalim ng ganitong uri ng conservatorship, maaaring italaga ang responsableng partido bilang *conservator ng tao* o *conservator ng ari-arian*, o pareho. Ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang uri ng conservatorship na ito ay makikita sa kanilang mga pamagat. Ang conservatorship *ng tao* ay binibigyan ng kapangyarihan ang conservator na gumawa ng mga desisyon kung paano aalagaan ang tao (halimbawa: medikal na pangangalaga, kung saan siya nakatira at paano siya mamuhay). Ang conservatorship *ng ari-arian* ay nauugnay sa mga desisyon sa pera at ari-arian ng tao.

Bago magtalaga ang hukuman ng isang conservator ng tao, dapat ipakita sa hukuman ng partidong

humihiling ng conservatorship na ang iminungkahing conservatee ay hindi maayos na masusuportahan ang kanyang mga sariling pangangailangan na may kaugnayan sa pagkain, damit o tirahan at pangangalagang pangkalusugan. Katulad din nito, para maitalaga bilang conservator ng ari-arian, dapat ipakita ng partido na hindi mapapamahalaan ng tao ang kanyang mga personal na pananalapi, o madali siyang maloloko o “maiimpluwensiyahan nang sapilitan” ng iba na maaaring hindi pangunahing iniisip ang mabuting kapakanan ng tao.

**Limitadong Conservatorship:** Naaangkop lang ang Limitadong Conservatorship sa mga nasa hustong gulang na may kapansanan sa paglaki, gaya ng tinukoy sa batas ng California. Kapag nagpetisyon para sa isang conservatorship para sa isang tao na may kapansanan sa paglaki, ang petisyon ay dapat para sa limitadong conservatorship, bagaman walang karapatan ang hukom na magbigay ng Pangkalahatang Conservatorship.

Ang proteksyon ay “limitado” kung saan ang conservator ay binibigyan ng kakayahang gumawa ng mga desisyon sa mga larangan kung saan pinaniniwalaan ng hukuman na nangangailangan ng tulong ang may kapansananang tao. Kaya, dapat gumawa ang hukom ng hiwalay na desisyon tungkol sa bawat isa sa mga sumusunod na pitong karapatan:

- Ang karapatang malaman kung saan at kung kanino siya titira
- Ang karapatan ng access sa kanyang kumpidensyal (pang-edukasyonal, pangmedikal, atbp.) na mga rekord
- Ang karapatang mag-asawa
- Ang karapatang maging bahagi ng isang kontrata
- Ang karapatang magbigay ng pahintulot sa medikal na paggamot
- Ang karapatang magkaroon ng social contract (teorya tungkol sa kapangyarihan ng estado sa indibiduwal) o sexual contract (teorya ng pagkakaroon ng mga pampulitikang karapatan ng mga lalaki laban sa mga babae pati rin ang mga karapatan sa mga katawan ng mga babae)
- Ang karapatang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kanyang edukasyon.

Ang isang Limitadong Conservatorship ay maaaring bigyan ng mas mataas na antas ng kontrol ang conserved na tao sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanyang gumawa ng ilan, ngunit hindi lahat ng desisyon tungkol sa kanyang buhay. Hinihikayat nito ang tao na maging malaya at maging bahagi ng pamamahala ng sarili sa lawak na magagawa niya.

Wala sa alinman sa anyo ng conservatorship ang magagamit para kontrolin ang gawi o masyadong limitahan ang mga pagpili sa pamumuhay

### ***Sino ang maaaring maging conservator?***

Kapag conserved ang isang kliyente ng regional center, pinakamadala magulang o kapatid ang nagiging conservator. Walang panuntunan na nagsasabing dapat maging isang kamag-anak ang isang conservator, ngunit ito dapat ay isang tao na malaki ang tiwala ng pamilya. Mayroong mga propesyonal na conservator na kukunin ang tungkulin na ito nang may bayad, ngunit ang pagpili ng tao para sa tungkulin na ito ay mapanghamon na gawain mismo. Ang mga institusyon na tulad ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa May Kapansanan o ang tanggapan ng pampublikong tagapag-alaga ay maaari rin magsilbi bilang conservator para sa isang tao na walang iba sa kanyang buhay na maaaring mahusay na gaganap sa tungkulin na ito.

Kung iniisip mong maging conservator ang isa sa iyong iba pang mga anak para sa kanyang kapatid na may kapansanan, hinihikayat ka naming magkaroon ng kumpletong talakayan tungkol dito bago pa man niya gawin ang hakbang na ito. Gumagana nang mahusay ang ganitong uri ng kasunduan para sa ilang pamilya, ngunit ang pagiging isang conservator ay may kasamang mahahalagang responsibilidad sa mahabang panahon. Gugustuhin mong malaman na ganap na itong nauunawaan ng kapatid na kukuha ng tungkuling ito at kusang-loob na tinatangap ito.

## ***Ano ang iniisip ko kapag gumagawa ng desisyon tungkol sa conservatorship?***

Kung pinag-iisipan mong humingi ng conservatorship para sa iyong anak na lalaki o anak na babae, hinihikayat ka naming pag-isipan ang mga sumusunod na tanong:

- 1) *Inirerekomenda ba ng mga taong nagbigay ng suporta o kaya ay nakipagtulungan sa aming anak na lalaki o anak na babae ang isang conservatorship?* Minsan ang isang tao na hindi kabilang sa iyong pamilya ay nasa posisyon para masusing obserbahan ang iyong anak at maaaring mayroong impormasyon na makakatulong sa iyong paggawa ng desisyon. Makipag-usap sa iyong tagapayo ng ACRC, sa mga guro ng iyong anak, coach sa trabaho o iba na nagbibigay sa kanya ng suporta at humingi sa kanila ng kanilang opinyon tungkol sa kakayahan ng iyong anak na gumawa ng mga desisyon sa mga partikular na larangan. Maaaring naobserbahan nila ang isang antas na hindi umaasa sa ilang bahagi na hindi mo mismo nakita sa iyong anak.
- 2) *Makakakuha ba tayo ng mga kakayahan sa paggawa ng desisyon sa ilang larangan sa pamamagitan ng pamamaraan maliban sa isang conservatorship na inaprubahan ng hukuman?* Mayroong mga alternatibo sa conservatorship para sa mga magulang na nag-aalala sa magiging kapakanan ng kanilang may kapansanang anak. Halimbawa, ang paggamit ng “Assignment of Educational Decision Making (Pagtatalaga ng Paggawa ng Desisyon sa Pag-aaral)” ay maaaring magbigay ng mahusay na paraan para patuloy kang maging kabahagi sa edukasyon at pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak. Ito at ang iba pang mga posibleng estratehiya ay tinatalakay sa ibaba.
- 3) *Maaari ba naming tugunan ang aming mga alalahanin sa IPP sa pamamagitan ng proseso ng team sa pagpapalano?* Maaaring makatulong sa iyo ang Tagapangasiwa ng Serbisyo ng ACRC o ang mga nagbibigay ng serbisyo na nakikipagtulungan sa iyong anak na lalaki o anak na babae na bumuo ng mga paraan para matugunan ang iyong mga alalahanin, lalo na sa mga isyu tulad ng pakikisalamuha at mga sekswal na kaugnayan at pagpasok sa mga kontrata.
- 4) *Kung magpapasya kaming magpatuloy sa isang conservatorship, ano ang mga larangan na pinaniniwalaan naming kailangan niya ng tulong namin at sa anong mga larangan kami makakapagbigay ng higit pa ng tungkulin sa paggawa ng desisyon?* Partikular na binuo ang Limitadong Conservatorship para sa mga taong may mga kapansanan sa paglaki para pahintulutan silang lumahok sa paggawa ng desisyon sa naaangkop na lawak. Halimbawa, bagaman ang isang tao ay maaaring walang pagpapasiya na kinakailangan para pahintulutan ang isang masalimuot na medikal na pamamaraan, maaari siyang magpasiya kung saan at kung kanino niya gustong tumira, sa tulong ng iyong gabay at suporta.

## ***Ano ang ilan sa mga alternatibo sa conservatorship?***

Ang pagkuha ng conservatorship ay isang legal na proseso na inaabot nang matagal at mayroong mga kaakibat na paggastos. Bilang karagdagan, karamihan ng tao ay kinakailangang kumuha ng abugado para kumpletuhin ang proseso.

Kapaki-pakinabang ang isang conservatorship at naaangkop na tool para sa maraming pamilya na gusto ng katiyakan na mayroong nariyan para sa kanilang may kapansanang anak na lalaki o anak na babae kapag nawala sila. Sa parehong pagkakataon, hindi lang ito ang paraan na dapat harapin ng mga magulang ang kanilang mga alalahanin tungkol sa kinabukasan ng kanilang

anak. Bago kumuha ng conservatorship, dapat makatotohanang suriin ng mga pamilya ang kapasidad ng kanilang anak na gumawa ng mga naaangkop na desisyon sa bawat isa sa pitong larangan, nang hindi umaasa o nang may suporta. Dapat din nilang siyasatin ang iba pang mga posibleng paraan para matiyak ang kapakanan ng kanilang anak habang pinapahintulutan siyang mapanatili ang kanyang mga karapatang sibil.

Sa paglipas ng taon nalaman namin na, kapag tinalakay ng mga pamilya ang mga ikinababahalang isyu sa kanilang tagapayo sa regional center o iba pang mga propesyonal, kadalasan nakakagawa sila ng mga makatwirang alternatibo na nagbabalanse ng kanilang pangangailangan na protektahan ang kanilang anak laban sa karapatan ng bata sa sariling pagpapasiya at kagustuhang hindi umasa.

Sa ibaba, magbibigay kami ng ilang halimbawa ng mga estratehiya na ginamit nang matagumpay ng mga pamilya para tulungan ang kanilang mga nasa hustong gulang na anak na lalaki at mga anak na babae na lumahok sa paggawa ng desisyon tungkol sa kanilang mga buhay habang tinitiyak na ligtas sila sa pinsala at pananamantala.

**Mga Desisyon sa Pag-aaral:** Ang iyong anak na may kapansanan ay malamang na manatili sa isang programa ng pampublikong paaralan hanggang siya ay 21 taong gulang na. Kapag naabot na niya ang edad na 18, gayunpaman, ang lahat ng awtoridad sa paggawa ng desisyon tungkol sa pag-aaral ay ililipat sa kanya mula sa iyo maliban na lang kung natukoy na wala siyang kakayahan na gawin ito sa ilalim ng batas ng California. Maaaring nasanay ka sa mahigpit na pakikipagtulungan sa distrito ng paaralan sa pagpapalano ng kinabukasan ng iyong anak at gustong ipagpatuloy ang paglahok na ito.

Mayroong paraan para patuloy kang makibahagi kapag naging 18 taong gulang na ang iyong anak na mahusay at hindi kasing mahal o kakumplikado ng paghahanap ng conservatorship. Maaari mong ipapirma sa iyong anak na lalaki o anak na babae ang isang “Assignment of Educational Decision Making (Pagtatalaga ng Paggawa ng Desisyon sa Pag-aaral),” na nagbibigay ng pahintulot para sa iyong patuloy na pakikibahagi sa kanyang programang pang-edukasyon. Kapag pinirmahan, binibigyan ka ng karapatan ng form na ito na gumawa ng iba’t ibang desisyon tungkol sa kanyang edukasyon at paglipat mula sa paaralan. (Dapat mong i-renew ang dokumentong ito bawat taon na nag-aaral ang iyong anak.) Nagsama kami ng halimbawa ng dokumentong ito sa dulo ng booklet na ito. Kinuha ito sa web site ng Protection and Advocacy, Inc, California, [www.pai-ca.org](http://www.pai-ca.org). Nalaman namin na kadalasan ay hindi pamilyar ang tauhan ng paaralan sa dokumentong ito, kaya maaaring kailanganin mong sumangguni sa mga opisyal mula sa paaralan ng iyong anak sa website ng PAI.

**Mga Pakikisalamuha at Pagkakaroon ng Sekswal na Contact:** Pinag-iisipan ng ilang pamilya na maging conservator ng kanilang mga anak dahil nag-aalala sila sa mga pakikisalamuha at pagkakaroon ng sekswal na contact na maaaring kabilangan ng kanilang mga anak habang nagiging nasa hustong gulang sila. Minsan naniniwala ang mga magulang na hindi ligtas at mahusay na mapapamahalaan ng kanilang anak na lalaki o anak na babae ang mga masalimuot na isyu at mga posibleng kahihinatnan ng malalapit na relasyon.

Karamihan ng mga taong may kapansanan sa paglaki ay mayroong malalapit na relasyon, at ang ilan ay nag-aasawa. Bilang alternatibo sa pagpapatuloy ng isang conservatorship, maaaring gustuhin mong makipag-usap sa iyong Tagapangasiwa ng Serbisyo ng ACRC tungkol sa mga programa na mayroon sa pamamagitan ng regional center para tulungan ang mga teenager na malaman ang tungkol sa pakikipag-date, sekswalidad at pagkakaroon ng magandang pakikisalamuha. Maaari rin ibahagi sa iyo ng iyong tagapayo ang mga paraan na pinapamahalaan ang mga bagay na ito ng iba pang mga pamilya. Ang ACRC Kelso Library ay isa pang lugar kung saan maaari kang makahanap ng iba’t ibang mga libro, video at mga DVD na mayroong ganitong mga paksa.

Mayroon ka ring mahalagang tungkulin na dapat gampanan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng patuloy na bukas ng mga talakayan sa mga relasyon ng iyong anak. Ang maingat na talakayan, mahusay na pagpapalano at naaangkop na edukasyon ay maaari siyang bigyan ng makatwirang basehan para harapin ang mga sitwasyon na tungkol sa pakikipag-ugnayan sa mga tao na maaaring magkaroon. Ang mga propesyonal at mga nagbibigay ng serbisyo na mula sa ACRC na nakikipagtulungan sa iyong anak ay maaaring magbigay sa iyo ng mga mungkahi para sa kung paano bubuuin ang mga talakayang ito.

**Pangmedikal na Pahintulot:** Ang ilang pamilya ay naghahangad ng conservatorship para magkaroon sila ng karapatang bigyan ng pahintulot ang pangangalagang medikal para matiyak na

natatanggap ng kanilang anak na lalaki o anak na babae ang inirerekomendang pangangalaga na pang-iwas sa sakit o mga kinakailangang pangmedikal na pamamaraan. Maaaring hindi ito kinakailangan kung magpapanatili ka ng nagtutulungang ugnayan sa mga medikal na propesyonal na gumagamot sa iyong anak. Ang pagpapanatili ng mga ugnayang ito ay matutulungang maayos ang paraan para sa iyong patuloy na pakikibahagi habang nagiging nasa hustong gulang ang iyong anak, nang sa gayon nang may pahintulot niya, maaari kang patuloy na makibahagi sa paggawa ng desisyon tungkol sa kanyang pangangalagang pangkalusugan.



**Mga Pinansyal na Kasunduan at Kontrata:** Minsan naniniwala ang mga pamilya na kailangan nila ng conservatorship para maiwasan ang kanilang anak na pumasok sa mga legal na kasunduan (para sa mga credit card, cell phone, atbp.) na nananamantala o na maaaring hindi niya makikilala sa pampinansyal na paraan. Ang unang estratehiya para matugunan ang alalahaning ito ay tulongan ang iyong anak na bumuo ng mga tool na kakailanganin niya para maging isang matalinong consumer. Maaari kang magsimula sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanya tungkol sa mga bagay na tulad ng mga offer na maaari niyang matanggap sa sulat o sa e-mail at ang mga kahihinatnan ng pagpirma ng dokumento nang hindi muna ito tinatalakay sa iyo o sa isa pang pinagkakatiwalaang nasa hustong gulang. Maaari mo ring hikayatin ang paaralan ng iyong anak na isama ang pagbu-budget at pamamahala ng pera bilang layunin sa kanyang IEP.

Kung magpapasiya ka na palaging kakailanganin ng iyong anak ng tulong sa pamamahala ng kanyang pera, ikaw o ang ibang tao ay maaaring maging kanyang “kinatawan na tatanggap ng pagbabayad.” Ito ay isang kamag-anak o pinagkakatiwalaang kaibigan, o ahensiya ng serbisyo na tatanggap ng pagbabayad ng kanyang Supplemental Security Income (SSI) para gamitin sa ngalan niya. Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa kinatawan na tatanggap ng bayad sa web sa <http://www.ssa.gov/pubs/10076.html>.

Kung papasok ang iyong anak sa isang kontrata na pinaniniwalaan mong hindi niya nauunawaan o na hindi na makikilala, maaaring gustuhin mong makipag-usap sa iyong Tagapangasiwa ng Serbisyo ng ACRC tungkol sa paghingi ng referral sa Tanggapan ng Pagtataguyod ng Mga Karapatan ng Kliyente para sa tulong sa pagkuha ng pagbawi ng isang kontrata o pagpapawalang-saysay ng legal na pagkilos na nilalayong ipatupad ang isang kontrata.

### ***Kung maghahanap ako ng conservatorship, makikibahagi ba ang regional center?***

Kung pipiliin mong maghanap ng Limitadong Conservatorship para sa iyong anak na lalaki o anak na babae na isang kliyente ng regional center, hihilingin sa amin ng hukuman na magbigay ng report na kasama ang aming opinyon tungkol sa kanyang pangangailangan ng conservator sa bawat isa sa pitong mga larangan. Susuriin ng kanyang Tagapangasiwa ng Serbisyo ang IPP, kasalukuyang mga pagsusuri sa isip at medikal, at iba pang mga pagsusuri o mga report ng nagbibigay ng serbisyo na naglalarawan sa kasalukuyang paggana. Kung kinakailangan, maaaring maghanda ang Tagapangasiwa ng Serbisyo ng mga karagdagang pagsusuri. Pagkatapos makalap ang lahat ng kinakailangang impormasyon, gagawa ng report ang tagapayo at isasama ang mga rekomendasyon ng regional center sa bawat larangan. Dahil alam natin na halos palaging ginagawa ng mga pamilya ang pagkilos na ito dahil sa kanilang alalahanin sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang nasa hustong gulang na anak na may kapansanan, karaniwan ay sinusupportahan ng Alta California Regional Center ang mga desisyon ng mga pamilya sa mga bagay na ito. Sa ilang mga pangyayari, maaaring hindi kami sumang-ayon na nangangailangan ang consumer ng isang conservator o na dapat palawakin ang conservatorship sa lahat ng larangang hiniling ng pamilya, at ibibigay namin ang aming makatwirang paliwanag para sa aming mga pananaw sa pamilya at sa hukuman. Gayunpaman, ang aming mga malalaman at rekomendasyon ay hindi kinakailangan sundin ng hukuman.

### ***Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga conservatorship?***

Kung pinag-iisipan mo pa lang ang tungkol sa mga conservatorship, maaaring makakatulong sa iyong talakayin ang konsepto sa isang abugado na pamilyar sa batas na namamahala sa mga

conservatorship at ang mga step na kabilang sa pagkuha nito. Kung pagkatapos isaalang-alang ang mga alternatibo, naniniwala ka na ang pagkuha ng conservatorship ay ang pinakamagandang bagay para sa iyong anak na lalaki o anak na babae at sa iyong pamilya, hinihikayat ka naming makipag-usap sa iyong Tagapangasiwa ng Serbisyo ng regional center. Maaari niyang imungkahi ang isang pakikipagkita sa abugado na makakatulong sa iyong maunawaan ito nang mas mabuti. Maaari ka rin idirekta ng iyong Tagapangasiwa ng Serbisyo sa mga partikular na lathala sa ACRC Kelso Library kung saan makakahanap ka ng iba't ibang libro, video at mga brochure sa mga conservatorship at kung paano makakakuha nito.

### ***Panghuling Pahayag...***

Sa Alta California Regional Center alam namin na maraming pamilya ang mayroong mga tanong kung paano itataguyod ang kalayaan ng kanilang teenager habang patuloy na pinoprotektahan sila sa posibleng pinsala. Ang conservatorship ay isang paraan para protektahan sila sa mga kahihinatnan ng hindi magandang desisyon, at ito ang dahilan kung bakit gusto naming tiyakin sa mga miyembro ng pamilya na alam nila ang tungkol sa legal na alternatibong ito. Gayunpaman, alam din namin na maaaring limitahan ng conservatorship ang kalayaan ng nasa hustong gulang nang hindi kinakailangan.

Ang Alta California Regional Center ay nakatuon sa pagtataguyod ng isang matibay at patuloy na kaugnayan sa mga taong may mga kapansanan sa paglaki at sa mga miyembro ng kanilang pamilya habang tinutulungan ang aming mga nasa hustong gulang na kliyente na mamuhay nang mas produktibo at malaya. Hinihikayat ka naming seryosong pag-isipan ang bawat alternatibo sa conservatorship bago magpatuloy sa pamamaraang ito, at bibigyan ka namin ng lahat ng suporta at gabay na kinakailangan para tulungan kang gumawa ng pinakamagandang desisyon para sa iyong mga natatanging pangyayari.

**PAGTATALAGA NG  
AWTORIDAD SA PAGGAWA NG  
DESIYON SA PAG-AARAL**

**Seksyon 56041.5 ng Kodigo ng Edukasyon ng California**

Ako, si \_\_\_\_\_, na umabot na sa edad na 18 taon, na hindi natukoy ng may hurisdiksyong hukuman bilang walang kakayahan, at natanggap ko ang lahat ng awtoridad sa paggawa ng desisyon sa pag-aaral bilang nasa hustong gulang alinsunod sa Seksyon 56041.5 ng Kodigo ng Edukasyon ng California, sa pamamagitan nito ang aking magulang na si, \_\_\_\_\_, ay gagawa ng lahat ng desisyon para sa akin tungkol sa aking karapatang tumanggap ng Libreng Naaangkop na Pampubliko at Espesyal na Edukasyon. Ang nasabing awtoridad ay kabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

1. Pagsasampa ng reklamo sa anumang pampublikong ahensiya, tulad ng Kagawaran ng Edukasyon ng California at ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil;
2. Pagpapasimula at pagpapatuloy ng mga legal na aksyon na may patas na pagtrato tungkol sa espesyal na edukasyon alinsunod sa Seksyon 56500 at mga kasunod nito ng Kodigo ng Edukasyon ng California, at ng anumang mga panghukumang apela na kabilang dito;
3. Pagdalo sa mga pagpupulong ng IEP at mga pamamagitan gamit ang mga patas na paglilitis at mga pamamagitan bago ang patas na paglilitis at pagpirma ng mga dokumento ng IEP at mga kasunduan sa pamamagitan na mayroong parehong legal na epekto at awtoridad na magkakaroon ako kung wala ang pagtatalagang ito;
4. Pagpapahintulot o pagtanggap magbigay ng pahintulot sa mga pagsusuri, serbisyo o mga paglalagay;
5. Pagkuha ng mga kopya ng alinman sa aking pang-edukasyonal, pangkaisipan, pangmedikal, ukol sa gawi o mga rekord sa hustisya ng kabataan, o anumang iba pang materyal at impormasyon na may kaugnayan sa aking espesyal na edukasyon sa anumang paraan, mga may kaugnayang serbisyo, mga karagdgang tulong at serbisyo, o mga serbisyo para sa paglipat mula sa paaralan;
6. Pagtanggap ng impormasyon sa berbal na paraan mula sa sinumang indibiduwal o ahensiya (publiko o pribado) tungkol sa aking mga karapatan o serbisyo sa espesyal na edukasyon;
7. Paggamit ng anumang iba pang karapatan o aksyon sa ngalan ko hinggil sa aking edukasyon na mayroong parehong awtoridad na mayroon ako kung wala ang pagtatalagang ito.

Magkakaroon ng parehong bisa ang kopya o fax ng dokumentong ito gaya ng orihinal.

May petsang: \_\_\_\_\_

Pinagkunan: [http://www.pai-ca.org/pubs/505001.htm#\\_Toc122236172](http://www.pai-ca.org/pubs/505001.htm#_Toc122236172)